Ang GERILYA

Lathalain ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng Bagong Hukbong Bayan - Bikol
Isyu 2 Agosto 2012

2 Yunit Milisya

4 Komiteng Sub-seksyon

9 Tagumpay sa Guinobat

Armadong Mamamayan 16

Lingkod ng Sambayanan 22

Yunit Milisya

Ang Nag-aarmas Na Uring Magsasaka

Ang Yunit Milisya ang nasasandatahang organisadong bahagi ng masang magsasaka. Sa pagtatayo ng mga Yunit Milisya (YM), na karaniwang kilala bilang Milisyang Bayan (MB) at mga Yunit Pananggol-ng-Baryo (YPB), napag-iibayo pa ang mobilisasyong masa para sa digma, at naihahanda natin ang ating baseng masa sa prinsipyo ng malawakang pag-aarmas ng mamamayan.

Kwalipikadong maging kasapi ng yunit milisya ang sinumang may mahusay na pangangatawan at hustong isip, nasa hustong gulang at handang pumailalim sa alituntunin at disiplina ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Pangunahing nirerekluta ang milisya mula sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa na nakatayo sa baryo. Ito ay partaym na yunit ng hukbo sa hanay ng masa. Sila ang balon na pinagkukunan ng mga pultaym na mandirigma ng BHB.

Ayon kay Kasamang Zhu De, ang mahusay na punong kumander ng People's Liberation Army ng rebolusyong Tsino, *"ang pag-oorganisa at pagpapalawak ng milisyang bayan ay dapat maisakatuparan pangunahin sa pamamagitan ng mobilisasyong pampulitika na nakabatay sa pagkamuhi ng masa sa malupit na pakikibaka laban sa kaaway. Dapat tayong manawagan sa lahat ng taong mahusay ang pangangatawan na nais humawak ng armas at kusang-loob na lumaban sa kaaway.*

Ang mga tauhan ng milisya ay mga boluntaryo na nananatili sa kanilang gawain habang naglilingkod bilang mga kasapi ng armadong organisasyong masa. Sa panahon ng kapayapaan hindi lamang sila patuloy na nagtatrabaho sa lupa, kundi nagsisikap na maging mga modelong magsasaka. Nagsasagawa sila ng mga drill pangmilitar sa maluluwag na panahon ng pagsasaka."

Pangunahing tungkulin ng Yunit Milisya ang pangangalaga sa rebolusyonaryong kapayapaan, kaayusan at seguridad ng rebolusyonaryong pwersa sa baryo; ang pagtulong sa mga plano at operasyong militar ng BHB; at sa pagsasanay pulitiko-militar ng mga pangkat sa depensa ng mga samahang masa. Ang sentro de grabidad ng BHB sa baryo ay ang milisya. Segundaryong pwersa naman ang YPB na nakabase sa purok o sityo. Tungkulin ng milisya na ikoordina ang kilos ng mga YPB sa iba't ibang purok at sityo ng baryo. Ang mga komite sa depensa ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa baryo ay maaaring mobilisahin ng milisya kung kinakailangan ng gawain, na may karampatang koordinasyon sa pamunuan ng rebolusyonaryong organisasyong masa at Sangay ng Partido sa Lokalidad.

Ang YM ay nasa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido. Sa bawat yunit ng milisya, maging sa pormasyong iskwad o platun, may itinatakdang Yunit Kumand, at Grupo ng Partido, na nakapaloob sa lokal na Sangay ng Partido. Ang mga YM ay direktang nakapailalim sa Yunit Kumand ng platun ng BHB, na ginagabayan ng Komiteng Seksyon.

Sa pagharap sa mga tungkulin para sa pagkumpleto ng mga rekisitos para sa pag-abot ng sunod na yugto ng Estratehikong Pagkapatas, nasa direksyon tayo ng pagsasaayos at pagpapalakas ng mga Yunit Milisya. Kaalinsabay ng pagtatalaga ng mga lokal na kadre ng Partido sa Sub-Seksyon Komite (SSK) na siyang mangangasiwa sa kulumpon ng mga baryong konsolidado at kinokonsolida, isasaayos ang laking-kumpanyang pormasyon ng YM. Para sa mahigpit na koordinasyon at mahusay na daloy ng kumand, ang mga lakas-kumpanyang YM ay direktang gagabayan ng mga Kumand sa Operasyon ng Larangan.

Maglulunsad ng kakayaning mga pagsasanay pulitiko-militar upang maitaas ang mapanlabang kamulatan at kasanayan ng ating mga lokal na milisya. Iaangat ang kakayahan ng mga YM upang makapaglunsad ng mga operasyong atritibo na susuporta sa mga taktikal na opensiba ng BHB, at mga aksyong militar bilang pananggol sa baryo kapag inaatake ng kaaway. Sa naging pagharap sa mga kampanyang militar ng kaaway, magiting na ginampanan ng mga Yunit Milisya sa ilang lugar ang pag-isnayp sa nag-ooperasyong mga tropa ng kaaway, paggamit ng mga patibong (sudyang) sa ambus, panlalansi at pag-disarma sa kaaway. Papaunlarin pa ang paggamit ng pasabog (command-detonated na eksplosibo) sa mga aksyong atritibo; ang dalas at dami ng mga ito. Kinakailangang maitaas ang antas ng koordinasyon sa pagitan ng mga platun ng YM na naglulunsad ng mga operasyong haras, isnayp, at panlalansi upang magkaroon ng higit na dagok at pinsala sa kaaway.

Ang pakikidigmang gerilya ng masa na pinangungunahan ng mga Yunit Milisya ay ibayong nagsisinsin pa sa pakikidigmang gerilya sa buong bansa. Mahusay nitong naitatakda ang teatro ng labanan sa mga kabundukan at kagubatan na kanyang kinagisnan. Pagkat bihasa ang lokal na milisya sa kalupaan at tereyn, makapagtatakda at makapagpaplano ito ng angkop na kakayaning mga taktikal na opensiba na makapipinsala sa kaaway.

Mula sa iba't ibang panig, ang mga milisya ay kakayaning maglunsad ng sunud-sunod na taktikal na opensiba na gumagamit ng mga lokal na armas, at pasabog. Ang mga atritibong aksyon ng YM ay mahalaga sa pagtatanggol ng baseng masa, sa pagpagod at pagpahina sa kaaway, sa pag-uk-ok sa moral ng kaaway upang itulak silang magkamali, mapalitaw ang kanilang mga bulnerabilidad para sa mga anihilatibong aksyong militar ng mga pwersa ng BHB.

Ang pangkalahatang pagsulong ng ating digma tungo sa susunod na yugto ay nakasalig sa latag ng mga larangang gerilya, lakas ng mga yunit ng BHB at pagtatayo at pagpapalakas ng mga yunit milisya. Ang mga yunit milisya ay kinakailangang masinsing nakatayo sa mga larangang gerilya at aktibo sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya ng masa. Susi sa pagpapatupad ng pangmasang katangian ng ating pakikidigmang gerilya ang malawakang pagpapalakas at pagpapatatag ng mga yunit milisya.★





Pagpupunyagi sa Paggampan sa mga Tungkulin ng mga Kadre sa Lokalidad

Mga Karanasan at Direksyon ng Isang Bagong-Buong Komiteng Sub-Seksyon

Alas tres na ng hapon, nakailang beses nang pabalik-balik si Ka Roy sa base ng mga Hukbo. Nakikipagkonsultahan siya sa Kalihim ng Seksyon para sa mga kailangan pang ihanda. Sa susunod na araw, unang pagkakataon na ang kanilang baryo ang magiging isponsor sa ilulunsad na pag-aaral ng BKP.

Si Ka Roy ang tumatayong kalihim ng Sangay ng Partido sa Lokalidad sa baryo ng Amihan. Kabilang rin siya sa bagong buong sub-seksyong komite na sumasaklaw sa magkakanugnog na limang barangay. Halos tatlong buwan pa lang ang nakalilipas mula nang pormal silang buuin bilang sub-seksyon. Matapos ang pulong ng komiteng larangan, kagyat na ipinatupad ang direksyon ng pagbubuo ng mga lokal na komiteng sub-seksyon upang mas mabilis at mas mahusay na mailalarga ang mga gawain sa pangangasiwa ng buong larangang gerilya.

Ang bawat sub-seksyon sa lugar nina Ka Roy ay sumasaklaw ng klaster na lima hanggang pitong baryo, batay sa kung ano ang paborable sa tereyn. Kagyat at tuwirang pinapangasiwaan ang mga ito ng Komiteng Seksyon na buong panahong kumikilos at nakabase sa yunit ng Hukbo. Ang kanilang programa sa pagkilos ay halaw din lang sa programa ng Komiteng Seksyon, bagama't pumapartikular lamang ito sa saklaw nilang mga baryo. Lima silang kabilang sa komite. Pawang mga kalihim sila ng kani-kanyang SPL na kinapapalooban. Sa susunod na anim na buwan, maaari pa silang madagdagan upang bumilang ng pito hanggang siyam. Layunin ng mabilis na pag-aangat sa mga kadre sa lokalidad bilang mga kagawad ng komiteng sub-seksyon ang kagyat na maramihang pagpapanday ng mga kasapi ng Partido na maaaring balikatin ang mga obligasyon sa pangangasiwa ng gawaing teritoryal. Sa pangmatagalan, ito ang mas epektibong sasaklaw sa mas maraming mga baryong pinapalawakan at kinokonsolida, habang ang mga yunit ng Hukbo ay mas magkakaroon ng higit

na panahon upang tumugon sa kanyang pangunahing tungkulin, bilang isang Hukbong panlaban.

Nauunawaan nina Ka Roy ang ganitong hamon sa kanila bilang mga kadre sa lokalidad. Habang umiigting ang gera, at mas humihigpit ang panawagan ng Partido upang kumpletuhin ang mga rekisitos ng estratehikong depensiba, lalong bumibigat ang mga obligasyong kailangang balikatin ng lahat ng mga kadre at kasapi ng Partido, maging ang mga kadre sa lokalidad. "Napapanahon na rin naman," ani Ka Roy. "Ako at ang mga kakolektibo ko ay naninibago sa ganitong gawain ngunit batay na rin sa aming karanasan at tagal na sa pagkilos, kaya namin itong gampanan. Sino pa nga ba naman ang mas nakakakabisa sa lugar at sa masa kundi kami rin mismong taga-rito sa lugar?"

Pangunahing diin sa gawaing pag-oorganisa at edukasyon

Bagama't tatlong buwan pa lang sila mula nang buuin bilang sub-seksyon, mahigit isang taon na rin silang naglulunsad ng BKP sa lokalidad, bilang lokal na makinarya sa instruksyon.

"Sa simula naninibago kami, tulad ngayon, unang pagkakataon na ang Sangay namin ang isponsor sa ilulunsad na BKP. Kaya, andito pa rin ang mahigpit na pagsubaybay sa amin ng KomSek. Nung isang BKP, inupuan pa muna kami ng Kalihim ng Seksyon upang obserbahan ang daloy ng BKP. Pero kami na ang naging mga instruktor. Lahat kaming mga instruktor ay galing sa lokalidad. Mahirap man sa simula pero kinaya namin at lalo kaming nagpupursige upang magampanan ang mga tungkulin namin.

Pangunahin naming tinututukan ngayon ang gawaing edukasyon, laluna ang paglulunsad ng BKP sa lokalidad," patuloy ni Ka Roy. "Ang bats nga na ilulunsad ngayon, labinlima ang estudyante. Lahat yun ay target na pasumpain bilang ganap na kasapi ng Partido. Sa bahay lang ang benyu namin. Halos isang buwan din namin itong pinaghandaan. Katuwang namin ang yunit milisya sa baryo. May kanya-kanya na rin silang obligasyon sa pagtitiyak ng seguridad, komunikasyon at pagmaniobra ng suplay.

Malaking balakid sa amin ang pagpapalitaw ng pantustos sa mga gastusin sa pag-aaral. Laluna, ang mga estudyante ay mga pamilyadong tao. Kaya nga isang buwan pa lang, tuluy-tuloy ang pangangalap namin ng pangangailangan. Malaking tulong ang pagmomobilisa rin sa mga nasa organisasyong masa. Kahit *duma*, maaari nang ipandugtong kapag kinakapos sa bigas. Simple lang ang hinahanda naming pangangailangan. Ang importante mairaos ang pag-aaral at makapagrekluta ng mga bagong kasapi ng Partido. Habang lumalakas naman ang organisasyong masa at ang pagrerekluta ng mga kasapi sa Partido, di hamak na mas marami ang nakakatuwang sa gawain. Kaya, sa una lang talaga nakakapanibago. Ngunit habang nakakalikom din kami ng karanasan, nagiging simple na lang ang paglulunsad ng mga katulad na gawain ng pagbibigay ng BKP.

Alam naman namin na sa pangmatagalan, hindi makakasustine ang pangangalap lang, upang punuan ang mga kailangang gastusin sa mga ilulunsad na pag-aaral. Kung kaya, mayroon din kaming proyekto sa produksyon

at kabuhayan sa mga saklaw naming baryo. Ang pangunahing magtatrabaho nito ay ang mga nasa SPL. Hiwalay pa rito ang proyekto rin ng mga organisasyong masa sa kanilang komunal na taniman. Nakahiram na kami ng ilang kasangkapan sa produksyon. Matapos lang itong BKP, sisimulan na naming trabahuhin ang omahan. Maging ang Hukbo ay nangakong tutulong din sa paghahanda ng lupa. Pati ang mga nasa yunit milisya ay may iskedyul sa pag-aararo. Kapag naging produktibo, ang pangunahing susustentuhan nito ay ang pangangailangan para sa bigas ng mga bats ng mga BKP at iba pang pag-aaral na ilulunsad, pati na ang pangkonsumo ng mga pamilya ng mga estudyanteng dadalo. Kukumbinahan na lang ito ng ambag rin ng organisasyong masa, indibidwal na ambag at ang manggagaling din sa kanilang komunal na taniman, sa panahong magiging produktibo na rin ito. Sa ngayon, dahil wala pa ang ganitong mga mapagkukunan ng pangangailangan, magkatuwang pa muna ang Komiteng Seksyon at ang sub-seksyon sa pagpapalitaw ng mga kokonsumuhin.

Ang pangunahing tutok namin sa gawain ay ang pag-oorganisa ng mga organisasyong masa, ang pagrerekluta ng mga bagong kasapi ng Partido at ang pagbibigay sa kanila ng mga kinakailangang edukasyon. Sa ngayon kinukumpleto pa namin ang pagbubuo ng mga ganap na samahan dito sa baryo. Samahang Magsasaka pa lang kasi ang naitatayo. Ang sa sektor ng kababaihan at kabataan ay isusunod pa. Hindi lang yan dito sa baryong ito. Sa buong klaster ng mga baryong kinikilusan namin, halos ganun ang tutok ng gawaing pag-oorganisa, yung pagkukumpletong maitayo ang mga Samahan sa bawat sektor. Partikular sa katangian ng baryo namin, malaking bilang ang mga kabataang nakatuntong ng hayskul. Malaking bagay ito dahil balak naming magbuo ng hiwalay pang makinarya na siya namang tututok sa pagbibigay ng mga kursong masa. Lalupa't importanteng rekisito ang pagkukumpleto ng mga edukasyong masa sa mga bubuuing Samahan. Ang naoorganisa na mga kabataang may kakayahang magturo ang target naming buuing makinarya para sa Pambansa Demokratikong Paaralan.

Sa hinaharap ang nais naming abutin ay maitayo na ang organo ng kapangyarihang pampulitka sa lugar na ito. Malamang magsisimula yun sa sunod na baryo pa rito, yung nasa iraya ng ilog. Dahil yun naman ang nakapwesto sa mas mabundok na bahagi at napapalibutan ng mga baryong may mga naitayo nang Samahan, tulad ng baryo namin. Sa kasalukuyan, pautay-utay na rin namang gumagana ang pag-gugubyerno ng pulang kapangyarihan sa lugar na ito. Halimbawa na lang, yung mga simpleng pag-aayos ng mga problema sa hanay ng masa ay kami nang mga nasa lokalidad ang nagtatrabaho. Katuwang namin yung komite sa arbitrasyon ng Samahan. Dito nga sa baryo, maging ang pag-inom ay may iskedyul. Tuwing Byernes at Sabado na lang ng gabi pupwedeng mag-inuman. Maliban kapag nakikiusap kung may okasyon. At may limit din kung hanggang anong oras lang. Pinagkaisahan ito ng Samahan, dahil tutal, ang mga sangkot din naman sa inuman ay halos ang mga padre de pamilya na mga kasapi rin lang naman ng organisasyon. Pero kapag may sakyada ang militar, wala talagang nag-iinuman. Lahat alerto sa pagsubaybay sa kilos ng kaaway.

Maging ang usapin ng sugal tulad ng sabong, bingo, at iba pa ay may sinusunod na patakaran dito sa lugar. Hindi pa rin naman tuluyang mababali ang ganitong bulok na gawi sa hanay ng masa, kung kaya sinisikap na

lang natin munang malimitahan ang masamang epekto nito. Pero hindi rin ito naging madali. Matagal na panahon ding kailangang pandayin ang respeto ng masa sa mga tulad naming kasama sa lokalidad. Laluna kapag ang inaayos na problema, e, ang imbwelto ay kapamilya namin o kaya kumpare o kaya kumare. Kahit imbwelto ang sinumang malapit sa amin, lagi pa rin naming tinitiyak na patas at makatwiran ang pagreresolba ng problema. Kaya, ang lagi naming sinisikap na gawin, ay dapat laging kolektibo ang kumakausap o humaharap sa mga inaayos na may problema. Kapag hindi talaga namin kaya, ipinapaabot pa rin namin sa Hukbo. Pero lagi kaming nagsisimula na sa hanay muna namin sa lokalidad magmumula ang pag-aayos.

Mahalaga sa pagpapanday rin ng respeto o ng otoridad namin sa lugar yung mahusay na gawaing propaganda sa hanay ng masa. Yung sa araw-araw na kasalamuha at kakwentuhan mo sila sa baryo, laging nakakapagbitaw ka dapat ng mga salitang para sa kanilang kagalingan o ikabubuti, o kaya nama'y yung nakakapaglinaw ka tungkol sa kasalukuyang bulok na sistema at mga mapanlinlang na mga proyekto ng reaksyunaryong gubyerno. At higit sa lahat, dapat sa hanay rin ng mga kasapi ng Partido sa lokal manggagaling ang mahusay na aktitud at gawi. Sabi nga, propaganda hindi lang sa salita kundi higit pa, sa gawa."

Habang isinusulong ang mga pagpapakilos sa taumbaryo para sa kanilang kagalingan

Hindi lamang upang sustentuhan ang mga bats ng pag-aaral kung kaya't nagsisikap sina Ka Roy na paunlarin ang kanilang mga proyekto sa kabuhayan. Alam ng kanilang kolektibo na habang umiigting ang gera, kailangang tiyakin ang kakayahan ng mga larangang gerilya na magkaroon ng sustenableng pagmumulan ng pagkain at mga batayang pangangailangan ang taumbaryo. Habang umiigting din ang gera at habang lumalaki ang mga pormasyon ng Hukbo na buong panahong kumikilos at maglulunsad ng malalaking taktikal na opensiba na pandurog sa kaaway, dapat na paghandaan ang mga pangkonsumo nito.

Isa ito sa mga pangunahing kampanyang masa na isinusulong ng mga subseksyon sa kanilang lugar: ang pagpapalawak at pagpapaunlad ng mga komunal na taniman. Sa hinaharap, dito na magmumula ang mga batayang pagkain at kabuhayan ng mga myembro ng mga Samahan. Dito na rin magmumula ang subsidyo para sa mga pamilya ng mga pultaymer na Hukbo at mga naiwang pamilya ng mga namartir na kasama. At, dito rin magmumula ang pondo para sa iba't ibang gawain ng kilusan, tulad ng mga pag-aaral at pagsasanay sa mga kasapi ng Partido, Hukbo at mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

Maging ang pangsustine sa mga malakihang mobilisasyong masa ay kailangan ding paghandaan. "Masyado kasing liblib itong lugar namin, kaya kapag may mga pagkilos ang mga taumbaryo upang ipanawagan ang pagpapatigil sa militarisasyon at karahasang militar, o kaya upang ibaba ang porsyento ng resiko na ibinabawas sa pinagbentahan ng kanilang kopra at kasabay ang pagpapataas ng presyo ng kopra, nangangailangan ito ng malaki-laking gastos, laluna kapag kailangang dalhin hanggang sa kalunsuran ang panawagan. Pero hindi ito nagiging balakid sa mamamayan. Laksa-laksa ang laging dumadalo sa mga ganung pagkilos upang ipaglaban ang kanilang mga demokratikong karapatan. Malaking pasanin lang talaga ang panggastos sa krudo para sa mga ginagamit na sasakyan. Ang mga proyekto para sa kabuhayan na pangungunahan ng mga Samahang Magsasaka, ang maaaring pagmulan ng pangsustento sa mga pagkilos na ito upang mas marami pa ang makakadalo mula sa mga taumbaryo. Higit ngayon ang sigasig ng mga myembro ng Samahan laluna't nakikinita na rin nila ang magiging bunga ng kanilang pinagpaguran. Laluna't alam din naman nila na sila ang pangunahing makikinabang sa kanilang pinaghirapan."

Kasabay ang pagpapalakas ng Hukbo at pagpapasigla ng Armadong Pakikibaka

"Sabi nga ng mga kasamang Hukbo, habang lumalakas at lumalawak ang aming organisasyon dito sa lugar, kailangan ang mas mahigpit na pagdedepensa nito. Ang aming yunit milisya, handa sa ganung tungkulin. Karamihan sa kanila ay may karanasan nang sumabay sa mga taktikal na opensiba ng Hukbo bilang mga armadong pulang mandirigma. Kapag may mga atritibong aksyon, tulad ng mga pag-isnayp o haras, baril na lang ang iniisyu ng Hukbo, upang ang yunit milisya na ang magsagawa nito. Kaya't ang pagpapatatag at pagpaparami ng yunit milisya ang isa rin sa mayor naming gawain. Ang yunit milisya rin ang isa sa mga balon na pinagkukunan ng mga bagong kasapi ng Partido. Dito sa baryo namin, bumibilang na kami ng isang platun. Sa mga kalapit baryo namin, ganun din. Lahat sila ay mga target ding maging kandidatong kasapi o di kaya'y ganap na kasapi ng Partido.

Pinapalakas din namin ang rekrutment ng mga pultaymer sa Hukbo. Bawat baryo sa saklaw namin ay may kani-kanyang programa kung ilan ang papupultaymin sa loob ng tatlo hanggang anim na buwan. At para matiyak talaga ang gawaing pulitika, may mga partikular talagang mga tao na tinatarget upang pasampain. Karamihan sa kanila ay mga kabataang aktibista na nakapaloob din sa organisasyong masa. Bagama't hindi naman natin isinasara ang pagrerekluta sa mga nagkukusang mag-boluntir na sumampa. Basta't pasado sa pamantayan ng pagiging Hukbo, maaari nating tanggapin.

Armas na lang ang kulang. Maging kami sa sub-seksyon ay pinagsisikapan din namin kung paanong makakapagpalitaw nito habang sinusubukan ang iba't ibang pamamaraan, tulad ng paggamit ng mga tradisyunal na sandata o kaya improbays na baril, upang iarmas sa masa," paglalahad ni Ka Roy. ★

Ang kagitingan at kahusayan ng Bagong Hukbong Bayan sa pakikidigmang gerilya batay sa lumalawak at lumalalim na baseng masa ang magtitiyak sa pag-abante ng digmang bayan sa mas maunlad na yugto. Taglay ng mga platung gerilya na nakalatag sa mga kanayunan ang rebolusyonaryong diwang palaban, gayundin ang teknikal na kahusayan sa pakikipaglaban upang siyentipikong maglunsad at magkamit ng mga tagumpay sa pakikidigmang gerilya.

Ang TAGUMPAY Sa GUINOBAT

Mga Aral sa Pakikidigmang Gerilya

Isa sa maniningning na tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan sa larangan ng armadong pakikibaka ay ang isinagawang ambus ng Tomas Pilapil Command (TPC) – Bagong Hukbong Bayan Partido District sa mga sundalo ng Bravo Coy ng 42nd Infantry Battalion noong Mayo 29, 2010. Isinagawa ng isang platun ng mga pulang mandirigma ang ambus sa Sityo Guinobat (San Francisco), Brgy Bacgong, Caramoan, Camarines Sur. Sa taktikal na opensibang iyon, muling ipinamalas ng BHB ang malalim na pagkakagagap nito sa mga prinsipyo ng pakikidigmang gerilya. Ang mahigpit na pagkapit sa mga prinsipyong ito ang siyang papanday sa hukbong bayan upang maging largado ang pakikidigmang gerilya bilang paghahanda sa pagkakamit ng estratehikong pagkapatas.

Ang Kabuluhan ng Taktikal na Opensiba

Isinagawa ang taktikal na opensiba bilang pagtupad sa atas ng panrehiyong kumand ng BHB sa Bikol na maglunsad ng mga koordinadong bigwas sa kaaway sa panahon ng brutal na Oplan Bantay Laya 2. Sa Caramoan Peninsula, naging pangunahing target ang 42nd IB na mula pa 2005 ay hindi na nilubayan ng Special Operations Team (SOT) ang barangay ng Bicalen sa Presentacion, na katabing baryo ng Bacgong. Gayundin, inilatag bilang mga sekundaryong target ang anim pang yunit ng kaaway na noo'y nakapwesto sa magkatabing bayan ng Caramoan at Presentacion. Ang hedkwarters ng Bravo Coy 42nd IB ay nasa Brgy Terugo sa sentrong bayan ng Caramoan, habang may mga detatsment naman sa mga barangay ng Tabgon at Bikal sa Caramoan, at sa Sta. Maria at Maangas sa Presentacion.

Sa halip na maging disbentahe, ang gayong latag ng kaaway ay naging paborable para sa hukbong bayan. Nangangahulugan lamang ito ng pagkakaroon ng maraming target para sa taktikal na opensiba. Mahalagang tukuyin ang kapasyahan ng Kumand sa Operasyon ng TPC na magpursige sa pagbigwas sa kaaway gamit ang iba't ibang pamamaraan. Katulad ng sinabi ni Kasamang Mao, hindi dapat katakutan ng

isang hukbong gerilya ang relatibong malakas na kaaway. Dahil ang matinding pagsasamantala at pang-aapi na dinaranas ng masa sa kasalukuyan ay magtutulak sa kanila para pangibabawan ang takot. Sa halip, aniya, ang isang hukbong gerilya ay dapat na kumilos at ituring ang kaaway na parang "tinapay na papawi sa ating gutom at lalamunin siya agad". Kaya't bawat yunit ng kaaway sa Caramoan Peninsula ay pinagplanuhan ng kakayaning tipo ng operasyon. Inihanda ang mga planong ambus, isnayp, haras, at demolisyon sa mga nasabing tropa ng kaaway.

Ang Itinakdang Laban

Ilang araw matapos makapag-sarbey ang mga kasama ng pupwestuhan ng platun para sa gagawing ambus, pumasok sa Bicalen ang isang trak ng kaaway mula sa kampo ng Bravo Coy sa Terugo, at isang linggo nang naka-istambay sa barangay ang inihatid na isang seksyon ng kaaway. Kinakitaan ng masa at ng mga kasama ng pagka-kampante ang kaaway sa paglabas-masok sa sona. Ito'y dahil inakala ng kaaway na nagtatagumpay ang kanilang SOT, at minaliit ang pwersa ng platun na kumikilos sa erya. Babasagin ng gaganaping ambus ang ilusyon ng kaaway na nakabig na nila ang puso't isip ng masa sa lugar, at ang maling pag-aakala na bulnerable ang platun ng BHB sa erya. Salungat dito, nanatiling matibay ang lihim na pagkilos at ugnayan ng masa at hukbong bayan kahit pa nagmantine ang SOT. Lingid sa kaalaman ng kaaway, nagpaplano na ang hukbong bayan at masa kung paano sila bibigwasan.

Ang disenyo: muling akitin papasok sa Bicalen ang trak ng kaaway at ambusin ito sa daan. Upang matupad ito, magsasagawa ng operasyong haras ang isang tim ng BHB laban sa tropa ng kaaway na nasa Bicalen. Ang minimun na layunin ng pagharas ay magkaroon ng WIA (Wounded In Action) sa panig ng kaaway, at sa maksimum ay KIA (Killed In Action). Itataon ang pagharas sa alas-singko ng hapon, nang sa gayon ay wala nang bumibyaheng pangsibilyan na sasakyan upang walang madamay na sibilyan sa ilulunsad na ambus. Sa gayong plano, inaasahan na muli ngang papasok ang trak ng kaaway sa Bicalen.

Nakasakay man o naglalakad ang kaaway, isang platun ng mga pulang mandirigma ang itatalaga para sa nakatakdang laban. Ang lakas-pamutok ng hukbong bayan ay pupunan ng mga command-detonated na mga eksplosibo, at mga improbisadong granada (bugas bugas). Ilalatag ang *ambush site* sa kahabaan ng kalsada sa pagitan ng dalawang barangay – kalahating kilometro mula sa Sityo Guinobat ng Brgy Bacgong at dalawang kilometro bago makarating sa Brgy Bicalen. Mula sa direksyon ng Bicalen, nakahanay ang Abe, Baking, at Kaloy sa tuktok ng isang burol na aabot sa sampung metro ang taas at dumurungaw sa kalsada. Sa magkabilang dulo ng *main body* ay ipapakat ang dalawang tim na magsisilbing *look-out* at

blocking force. Mula sa *main body*, ang isang *blocking force* ay may layong 500 metro sa direksyon ng Sityo Guinobat, at ang isa nama'y nasa distansyang 200 metro sa direksyon ng Bicalen.

Nakasakay man o naglalakad ang kaaway, magsisilbing *signal fire* ang pagpapasabog ng command-detonated na explosibo kapag pumasok na sa *ambush site* ang kaaway. Agad itong susundan ng *volume fire* ng Abe, Baking, at Kaloy, habang hinahagisan din ng mga bugas bugas ang kaaway. Karagdagang misyon ng Kaloy sa pagpapaputok ay ang mapigilang mapuwestuhan ng kaaway ang imburnal na maaaring gawing kober nito. Sa pagmando ng asolt, titigil sa pagpapaputok ang Baking at Kaloy habang umaabante ang asolt iskwad na Abe. Itinakda mula 30 minuto hanggang isang oras ang itatagal ng ambus.



Magiting at Siyentipikong Pakikidigma

Namumukod-tangi ang paghawak ng Bagong Hukbong Bayan sa inisyatiba laban sa kaaway. Nangangahulugan ito ng palagiang pag-alam at pagsusuri sa sitwasyon ng kaaway at ng sariling pwersa, at pagsasagawa ng akmang disposisyon sa pulitika at militar sa layuning birahin ang kaaway.

Inalam at pinag-aralan ng Tomas Pilapil Command ang kalagayan ng kaaway mula sa kabuuang saklaw ng Caramoan Peninsula, hanggang sa ispesipikong target na siyang nasa Brgy Bicalen. Sa pakikipag-ugnayan sa taumbaryo, natukoy ng mga kasama ang bilang, lakas-pamutok, mga aktibidad at padron, at maging ang moral ng kaaway.

Gayundin, batid ng mga namumunong kadre at kumander ng TPC ang katayuan ng mga pulang mandirigma. Hindi lahat ay may karanasan sa laban, at hindi lahat ng armas ay kasing-husay ng sa kaaway, subalit bawat pulang mandirigma ay pinanday sa pang-araw-araw na disiplina ng pulang hukbo, at pawang matatag ang paninindigang bigwasan ang isang relatibong malakas na kaaway sa isang taktikal na opensiba.

Iniluluwal ng gayong inisyatiba ang masinop na plano. Mahihiwatig sa ginawang masusing pagbabalak ng TPC na hawak ng isang hukbong gerilya ang kontrol sa labanang kanyang itinakda kontra sa isang kaaway na may relatibong mataas na kapabilidad militar. Layunin ng BHB na ipagtagumpay ang taktikal na opensiba, kaya't tiniyak ang elemento ng surpresa, ang pagbuhos ng superyor na lakas-tauhan at pamutok, ang mabilisang laban, ang malinaw na mga tungkulin ng bawat pormasyon at bawat pulang mandirigma, ang pagpapanatili ng diwang palaban at kasanayang militar, maging ang mga kakailanganing suplay at kagamitan. Pinili din ang pagtarget sa bulnerable at nahihiwalay na kaaway. Itinakda ng mga kasama na ilagay ang kanilang makakalaban sa sitwasyong malayo sa mayor na pwersa ng kaaway sa Caramoan Peninsula.

Dagdag pa, kaakibat ng pagpapanatili ng inisyatiba ay ang pagpaplano rin ng depensa bilang bahagi ng kabuuang paggagap sa kalagayan.

Mahusay ding taktika ang planong haras sa Bicalen bilang kakoordinang aksyong militar sa iba pang larangang gerilya sa Bikol. Idinisenyo ang ambus bilang anihilatibong bira sa magiging reaksyon ng kaaway sa mga koordinadong taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan. Dahil sa palagiang pagdumog ng kaaway saan man may labanan, nagiging target ito ng taktikal na opensiba. Anu't anuman, lagi nang magkakamit ng minimum na tagumpay ang TPC sa paglulunsad ng operasyong haras sa Bicalen.

Ang Hukbong Bayan: Pag-aarmas ng Mamamayan

Nagmumula sa mamamayan ang lakas ng hukbong bayan. Bawat taktikal na opensiba ay nakasalig sa lawak at lalim ng baseng masa. Ang mamamayan ang pinagmumulan ng paghihimagsik laban sa pagsasamantala't pang-aapi kaya't ang lahat ng kanilang pagsisikap at kaalaman ay isinasanib sa Bagong Hukbong Bayan sa pakikidigmang gerilya nito. Dahil sa pag-ugat ng mga kasama sa masa at pagtataguyod ng kanilang mga rebolusyonaryong mithiin, higit pang natitiyak ng TPC ang pagtatagumpay ng planong ambus.

Iniluwal ng mahigpit na ugnayan ng hukbo at masa ang karagdagang mga bentahe sa pakikidigmang gerilya ng mamamayan. Ang kalamangan sa pagkilala at paggamit sa kalupaan ay tangan ng pulang hukbo na buong-panahong kumikilos sa mga kanayunan at kabisado ang mga paborableng lugar at ang pasikut-sikot sa Caramoan Peninsula. Magmula sa pagpasok sa *ambush site*, hanggang sa pag-atras ng platun, ginamit ng TPC ang kaalaman nito sa tereyn upang manatiling lingid sa kaalaman ng kaaway.

Suplementaryo din sa arsenal ng Tomas Pilapil Command ay ang paggamit ng mga katutubong sandata na nagtatanghal sa kapasyahan at pagka-mapamamaraan ng mamamayan sa pagpinsala sa kaaway. Muling tinuran ni Kasamang Mao na sapagkat buo ang layunin ng mamamayan na bigwasan ang kaaway at pahinain ang kanyang kakayahang lumaban, lahat ng posibleng bagay na maaaring gamiting panlipol sa kaaway ay minamaksimisa. Aabot sa isandaang sudyang (mga kawayan na pinatulis ang dulo) ang itinarak ng masa at mga kasama sa tinatayang aatrasan ng mga sundalo. Makaligtas man ang kaaway sa bala, tiyak na sasahurin sila ng mga nakaambang tulos.

Higit sa lahat, ang paglahok ng masa sa digmang bayan ay hindi lamang sa paraan ng pagpaabot ng

kilos ng kaaway, paggiya sa mga sukal ng kanayunan, o paghatid ng pagkain sa pusisyon ng mga kasama. Lipos sa kabayanihan ang tuwirang pag-aarmas ng masa bilang paglubos sa pagrerebolusyon.

Isang iskwad ng yunit milisya ang nakasanib sa mga pormasyon bilang mga kombatant. Maliban sa ibang elemento ng mga yunit milisya na nakatalaga bilang tagapagpaabot ng komunikasyon sa panahon ng labanan, bilang mga tagaluto, at bilang mga porter o tagadala ng mga kagamitan at sugatan, ang mga Sangay ng Partido sa ilang baryo sa Presentacion at Caramoan ay nagtalaga ng kanilang mga yunit milisya upang tuwirang lumahok sa labanan.

Mahalagang paraan ito ng pagsasanay sa pagpapataas ng kakayahang-militar ng mga yunit milisya na inaasahang sa mga susunod na taon ay magpapaigting ng pakikidigmang gerilya ng mamamayan. Ang mga operasyong isnayp, haras, demolisyon, at pagsabotahe sa linya ng komunikasyon at suplay ng kaaway, ay aktibo nang isasakatuparan ng mga yunit milisya nang sa gayon, ang mga buong-panahong yunit ng Bagong Hukbong Bayan ay makapagtutuon na ng pansin sa mga anihilatibong operasyon laban sa kaaway.

Ang Ambus

Mayo 28, 2010. Alas onse ng gabi dumating sa *ambush site* ang platun ng Tomas Pilapil Command. Unang pumakat ang dalawang tim ng mga *look-out/blocking force*, kasunod ang *main body*.

Mayo 29, 2010. Katulad ng pinagkaisahan, alas singko ng hapon, kumalas ang isang tim upang iharas ang kaaway na nasa Bicalen. Isang elemento ng kaaway, si PFC Alvin Arias, ang napatay, at isa pa ang nasugatan.

At katulad nga ng inaasahan, alas otso singko ng gabi, pumasok ang trak ng kaaway sa Sityo Guinobat. Ibinaba nito ang labindalawang elemento ng 42nd IB na binaybay ang malaking kalsada patungong Brgy Bicalen.

8:45 ng gabi. Pagtapat sa pagitan ng Abe at Baking, sinalubong ng *signal fire* at sunud-sunod na putukan ang kaaway na nagpormasyong kolum-iskwad sa paglakad. Karamihan sa mga sundalo ay tumalilis at nagsipagluksuhan sa dalisdis na pinagtarakan ng mga sudyang. Ilan lamang ang naiwan para makalaban ng mga kasama.

Matapos ang ilang minutong *volume fire*, iminando na ang asolt. Tumigil sa pagpaputok ang Baking at Kaloy, habang dumidikit ang Abe sa kaaway. Nakapanlaban ang ilang elemento ng kaaway at nakasugat ng dalawang pulang mandirigma ng asolt iskwad. Dahil dito, bahagyang naantala ang asolt, na nabalam din ng ilang nagkaproblemang riple ng mga kasama.

Gayunpaman, dahil sa kahandaan at kaparaanan ng mga kumander ng platun, agad napangibabawan ang panandaliang balakid na ito. Inatasan ng platun kumander ang Baking at Kaloy na magpadala ng tatlong kasamang pangreimpors, na kagyat namang tinupad ng mga iskwad.

Bago muling mag-asolt, binigyan ng pagkakataong sumuko ng platun kumander ang natitirang kaaway, subalit nagmatigas ang kaaway at putok lamang ang iginanti nito. Upang tuluyang i-pin down ang nanlalaban na kaaway, pinaralisa muna ito ng mga bugas bugas mula sa Baking at Kaloy, hanggang sa tuluyan nang maigupo ng Abe ang natitirang sundalo.

Habang nagkakaputukan sa main body, napalaban din ang isang *blocking force*. Nakalapit ang isang tim ng kaaway mula sa Bicalen na nakatakdang sumundo sa kanilang mga kasamahan. Pinutukan ang mga ito ng *blocking force* at agad namang tumalilis ang kaaway pabalik sa Bicalen at doon na nagsipagpaputok nang walang habas.

9:25 ng gabi. Natapos ang labanan at nakapagklining ang mga kasama. Inabot ng kwarenta minutos ang ambus. Limang elemento ng Bravo Coy 42nd IB ang napatay, kabilang na ang platun lider na si 2nd Lt Miguel O. Logronio, Jr. Tatlong iba pa ang nasugatan. Nasamsam ng Tomas Pilapil Command ang isang K3 SAW machine gun, dalawang ripleng M-16, mga bala at magasin, Harris VHF radio, GPS apparatus, mahahalagang datos sa intel, at iba pang kagamitang militar.

Disiplinang Bakal at Dedikasyon ng Pulang Hukbo



Krusyal sa paghawak sa momentum ng inisyatiba sa aktwal na labanan ang taglay na kapasyahan at pagka-mapamamaraan ng mga kumander. Sa harap ng mga problema, nakatuon ang loob ng mga kumander na agad resolbahin ang mga ito at magpatupad ng mga akmang mando. Susi din ang mahigpit na pagtalima ng mga mandirigma upang isakatuparan ang misyon. Ang pagtaglay ng isang gerilyang hukbo ng isang antas ng disiplina at kapabilidad militar na tulad sa isang regular na pwersa ay nagtitiyak sa mga tagumpay sa hinaharap upang makamit ang estratehikong pagkapatas. (Sa nasabing pagreimpors sa Abe, higit na nakapagpabilis sa pagresolba sa pagkabalam ng asolt ay ang pagboluntir mismo ng mga iskwad lider at mandirigma ng ibang pormasyon upang sumuporta sa napinsalaang pormasyon.)

Ginanap ang ambus sa gabi. Sa muli, tanda ito ng isang hukbong gerilya na ginagamit ang kadiliman sa kanyang bentahe upang makadagdag sa elemento ng kanyang lihim na pagkilos at sorpresang atake.

Tagumpay ng Hukbo, Tagumpay ng Mamamayan

Araw-araw na dinaraanan ng masa ang lugar na iyon sa Sityo Guinobat, Brgy Bacgong. Palihim man o sa hayag, sinasariwa ng masa ang kanilang karangalan. *"Digdi mi tinambangan ang kaaway."* Pinasisigla ng

pagdaan ng masa sa pinangyarihan ng ambus ang kanilang katapangan at pagpupugay sa armadong pagrerebolusyon. Kabilang sa taktikal na tagumpay na nakamit ng mamamayan sa Caramoan Peninsula ay ang pagkakasagka sa isang plano ng malawakang operasyon sa mga kagubatan ng Presentacion at Lagonoy. Ang seksyon ng kaaway sa Bicalen ang paunang pwersa ng kumbinasyong 42nd IB at mga Scout Ranger na siyang mamiminsala sa mga nasabing bayan. Napalayas din ng tagumpay sa Guinobat ang mga tropa ng kaaway. Matapos ang isang buwan ng walang kinahinatnang operasyong pagtugis sa pulang hukbo, inalis sa Bicalen ang itinalagang seksyon doon, at ibinalik naman sa Battalion Hedkwarters sa Mabalodbalod, Tigaon ang isang platun ng Bravo Coy ng 42nd IB mula sa Terugo.

Nakakintal na sa kalooban ng masa ang tagumpay na ibinunga ng ambus, at tiyak ding markado na ng kaaway ang lugar na iyon sa kanilang mga mapa. Lagi nang itse-tsek ang burol na iyon sa hangal na pag-aakalang may aabutan silang mga kasama doon, at ang pangambang muli silang aambusin ng Bagong Hukbong Bayan at mga yunit milisya. Ngunit ang nananaig na kamalayan ay ang pagkabalisa sa alalahaning hindi nila alam kung kailan sila muling gigitlain ng taktikal na opensiba ng mga gerilya.

Para sa Tomas Pilapil Command, pinatunayan ng taktikal na opensiba ang katumpakan ng pormasyong platun sa kakayanan nito sa opensa man o depensa. Ang nakalatag na mga platung gerilya sa mga kanayunan ay makatutulad sa TPC sa pagsusulong ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya. Higit sa lahat, para sa lahat ng pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, ang nasabing ambus sa Sityo Guinobat ay lipos sa mga aral na nagtatanghal ng kabayanihan at kapabilidad ng pulang hukbo na paigtingin ang pakikidigmang gerilya upang puspusang iabante ang digmang bayan na siyang tanging kalutasan sa kahirapan at pang-aaping dinaranas ng mamamayan. ★

ARMADONG MAMAMAYAN

"Tatlong baril ang nakuha namin doon. Siyempre masaya ako dahil tagumpay ang sinabayan naming trabaho."

Hindi halos maulinig ang sinasabi ni Ka Tope habang ikinukwento niya ang isinagawang ambus ng mga kasama ilang taon na ang nakakaraan. Habang namamahinga mula sa pagtabas sa ilalim ng nyugan ay nakipag-umpukan siya sa mga kasama at ilan pang kakolektibo niya sa yunit milisya. Sa malumanay na boses, na katangian na ng mga maralitang magsasaka, sinariwa ni Ka Tope ang naging partisipasyon niya sa nasabing TO. *"Isang iskwad kaming milisya, galing sa ibang baryo ang ilan... Sa Baking ako nakapakat... Masaya dahil nakatulong kami sa hukbo,"* pagpapatuloy niya. Ngunit kahit sa gayong matipid na pananalita at mahinang boses, mawawari kay Ka Tope ang tapang at talas ng isang rebolusyonaryo.

Sila ang reserbang hukbo. Si Ka Tope at ang platun-platun na milisya sa mga baryo ang napakalalim na balon na pinagkukunan ng armadong lakas ng Bagong Hukbong Bayan. Hindi man humihiwalay sa gawaing produksyon, ang mga milisya ang siyang katuwang ng mga pultaym na platun ng hukbong bayan sa pagpapalarga ng mga rebolusyonaryong gawain sa kanilang mga baryo. Sapagkat ang Bagong Hukbong Bayan ang pangunahing bumabalikat sa armadong pakikibaka, pagsusulong ng rebolusyong agraryo, at pagtatayo ng baseng masa, gayundin naman ang ginagampanang mga gawain ng milisya sa kanilang konsentradong saklaw sa baryo.

Sa mga inilulunsad na taktikal na opensiba ng BHB, sumasanib sa mga pultaym na platung gerilya ang mga yunit milisya bilang dagdag na pwersa. Pagtupad ito sa prinsipyo ng pakikidigmang gerilya na pagbuhos ng superyor na lakas-tauhan at pamutok laban sa isang bulnerableng yunit ng kaaway. Gumagampan ang yunit milisya ng gawaing pagsuri sa pusisyon ng kaaway, pagluto at paghatid ng pagkain sa tropa, pagdadala ng mga kagamitan at/o sugatan, paggiya sa mga daraanan, maging sa aktwal na paglahok sa kombat.

Dagdag pa ni Ka Tope, lagi rin siyang kasabay sa mga operasyong haras ng hukbo. *"Halos lahat ng nasabayan ko, detatsment ang target... Ganun pa rin ang layunin, magtagumpay ang misyon."* Pero aniya, kung sa kanilang baryo ang atas na isagawang haras sa kaaway, wala ring magiging problema.

Kabisado niya ang padron ng kaaway, gayundin ang matataas na bahagi sa kanilang lugar. *"Kung dito sa may bungad, pwede naman... Sa may puno ng pili, mataas na pusisyon... Bago sila bumaba sa baryo,"* sabay muwestra sa mga natatanaw na bundok.

Maliban sa mga misyon sa taktikal na opensa, pangunahing ginagampanan ng mga yunit milisya ang gawaing depensa sa baryo. *"Ang isang mahalagang trabaho lalo na dito sa lugar namin, ay ang pagmonitor sa kaaway, lalo na't ang pinapagana nila ay ang intelligence. Kaya kaunting diperensya, kung hindi mag-iingat ang mga kasama, matutukoy kung saan nakabase. Kaya dito sa erya namin, sa matagal na panahon ay wala namang napapahamak na kasama, dahil alerto kami."*

Ito naman ang pagtitiyak ni Ka Junee, isa ring milisya sa katabing baryo nina Ka Tope. Katulad ni Ka Tope, naging bahagi rin si Ka Junee sa isinagawang ambus. Nagmonitor siya sa kilos ng kaaway at naggiya sa mga kasama nang gabing iyon ng ambus. Pero sa mga karaniwang araw, ang seguridad ng baryo ang kanilang binibigyang pansin. Lahat ng mga pumapasok na dayo ay kanilang kinakausap upang makatiyak sa mga pagkatao ng mga ito. *"Para sa kaligtasan ng baryo, may mga konsultasyon kami sa kolektibo kung ano ang dapat gawin. Para matiyak na hindi magkakaroon ng gulo sa lugar, tinatanong namin ang mga dayo kung ano ang pakay nila sa pagpunta sa lugar na ito."*

Kailangan nga ng ibayong pag-iingat at pag-alerto, dahil ani Ka Junee, *"Marahas ang kaaway. Maraming biktima ng abusong militar dito. Lalo na 'nung mangyari ang ambus. Alam ng militar na sa kilusan ang baryong ito."* Minsan pang nakaranas ng karahasan ng kaaway ang baryo nina Ka Junee nitong nakaraang taon lang. Ilan silang naging biktima ng pambabaril ng militar. *"Pumarada ang motorsiklo diyan sa may unahan. Dalawa ang sakay. Bumalik yung isa at nilapitan yung umpukan namin, saka na kami pinagbabaril."* Namatay ang kanyang ama, at dalawa silang nasa yunit milisya na sugatan. Tiyak nina Ka Junee na militar ang bumaril sa kanila dahil pinuntahan siya ng intel nang umagang iyon. Maliban pa, maayos ang relasyon ng mga tao sa eryang iyon, at tanging militar lang ang may motibong mandahas sa kanila dahil sa tinamong pinsala sa nasabing ambus.

Pero handa ang masa na harapin ang kaaway. *"Siyempre dahil namatayan kami, hindi maaalis na makadama ng lungkot, dahil magulang natin ang namatay. Pero dahil bahagi yan ng sinumpaang tungkulin natin sa rebolusyon, hindi pwedeng ikapanghina ng loob ang sakripisyong 'yan,"* paninindigan pa rin ni Ka Junee.

Kaya tuloy pa rin ang paggampan ng mga rebolusyonaryong gawain bilang katuwang ng hukbong bayan sa baryo. Sa pagpapaunlad ng baseng masa, kasabay din ang yunit milisya ng mga pultaym na hukbo at mga nasa Sangay ng Partido sa Lokalidad sa pagsubaybay sa mga organisasyong masa, maging ang pagtutuluy-tuloy ng mga luyo-luyo at pagtatanim.

"Kahit wala ang mga kasama, kung ano ang naiwang gawain at kung ano ang iniaatas nila, tinatrabaho namin 'yan... Handa ang masa dito na lumahok sa digma. Siyempre sasanayin pa rin kasi walang ibang pupuntahan ang mga tao dito kundi ang magrebolusyon, dahil tatak na iyan sa mga taong baryo, lalo na sa mga kabataan dito."

Ang mataas na diwang rebolusyonaryo na taglay ng mga yunit milisya ay malaking bentahe upang mapabilis ang pagtupad sa mga rekisito upang makamit ang estratehikong pagkapatas. Sa direksyon ng Partido, na dumadaloy sa mga panteritoryong komite hanggang sa mga lokalidad, tiyak na lalarga ang pakikidigmang gerilya mula sa antas ng mga baryo.

Ibig sabihin nito ay dadami at dadalas ang mga taktikal na opensiba, at mag-iibayo ang paglahok ng mga kolektibo nina Ka Tope at Ka Junee sa armadong pakikibaka. Ibig sabihin ay hihigitan pa nila ang mga naging kasigasigan sa pagtulong sa platung gerilya at sa SPL upang maorganisa ang lahat ng dapat organisahin sa baryo. Kailangang makapagpaunlad ng maraming aktibista upang maging balon ng maraming rekrut sa milisya, sa hukbo, at sa Partido. Ang mga bagong rekrut na ito ang makakatulong sa konsolidasyon sa marami pang mga baryo upang lumawak pa ang lunsaran ng pakikidigmang gerilya.

Ang diwa ng kolektibong paggawa na nasimulan sa mga luyo-luyo at pagtatanim ay iaangat pa upang maipalaganap ang mga kooperatibang sakahan. Hindi lamang ito pagtugon sa kasalatan ng pagkain sa baryo, kundi bilang pansuporta din sa digmang bayan.

Malaking hamon ito para sa mga yunit milisya. Pero tiwala sina Ka Tope at Ka Junee na sasangkapan sila ng kaalaman at kagamitan upang tumupad sa atas ng Partido. *"Pinapaabutan kami ng mga kasama kung may dadaluhang pagsasanay-militar. Kahit ang pagsabay sa mga TO at paglubog ng ilang buwan sa pultaym na hukbo ay nakaprograma din."*

Mahusay ngang paraan ng pagsasanay sa mga yunit milisya ang paglubog nila ng ilang panahon sa mga pultaym na hukbo. Napahuhusay ang paggawa at estilo ng paggawa ng mga yunit milisya dahil sa buong-panahong paggabay ng mga responsableng kadre at kumander sa platung gerilya. Siyempre pa, ang ganitong programa ay paghahanda din sa kalooban ng mga tulad nina Ka Tope at Ka Junee upang tuluyan nang magpultaym.

Partikular ding hinihingi sa mga yunit milisya na makapagbuo ng tig-isang platun bawat baryo. Nakamit na ng mga baryo nina Ka Tope at Ka Junee ang rekisitong ito. Mahigit 20 ang yunit milisya nina Ka Junee, na aniya, ay kailangan na lang ireorganisa ulit ang mga iskwad, dahil ang iba ay umalis sa lugar dahil sa pag-SOT noong panahon ni Macapagal-Arroyo. Aabot na din sa platun ang yunit milisya nina Ka Tope, kaya puspusan ang kanilang programa sa pagpapapultaym mula sa kanilang hanay.

Isang usapin ay ang kanilang mga armas. Sa laking-platun na mga yunit milisya, kailangan ding umagapay ang bilang at kalidad ng kanilang mga armas. Sa ngayon ay ilang pistola pa lamang at paisa-isang riple ang naka-isyu sa mga yunit milisya nina Ka Tope at Ka Junee. Pansamantalang nakadisposisyon ngayon ang isang karbin kina Ka Tope, at nasa pangangalaga naman ni Ka Junee ang isang Garand.

Maaari ngang sa unang tingin ay kapos sa armas ang mga yunit milisya. Gayunpaman, pinapaliwanag ng mga kasama na tungkulin din ng mga yunit milisya na imaksimisa ang mga relatibong krudo at katutubong sandata sa pagsusulong nila ng pakikidigmang gerilya sa baryo. Dahil sabi nga, kapag napapanatiling mataas ang mapanlabang diwa ng masa sa pamamagitan ng patuloy na pampulitikang edukasyon at pagsasanay-militar, kikilos sila anumang sandata ang hawak at gagamitin nila ang lahat ng panlalansi para disarmahan ang kaaway kahit walang gamiting sandata.

Kung sa karanasan nina Ka Tope at Ka Junee, buhay ang ganitong prinsipyo sa hanay nila. Katunayan, sa ambus na kapwa nilahukan ng dalawa, aabot sa isandaang sudyang ang kanilang ipinuwesto sa tinaya nilang aatrasan ng kaaway. Hindi man nahagip ng bugso ng putukan, tiyak namang hindi nakaligtas ang tumalilis na mga kaaway sa mga kawayan na pinatulis ang dulo.

Sa kabilang banda, kapag kulang sa armas, ibig sabihin ay kailangang maglunsad ng mga taktikal na opensiba. Sa mga susunod na TO na sasabayan nina Ka Tope, magkakaroon na sila ng bahagi sa bilang ng armas na masasamsam. Inaasahan din na sa mga susunod na buwan, ang mga yunit milisya na ang magsasagawa ng mga haras, isnayp, at paglansag sa kaaway gamit ang mga command-detonated na mga eksplosibo. Sa gayon, kapag ipinaubaya na sa yunit milisya ang mga atritibong aksyon, makakapagpokus na ang mga pultaym na platung gerilya sa paglulunsad ng mga anihilatibong aksyong militar na maramihang nakapagpapalitaw ng armas.

Kakayanin din, at dapat paghandaan ng mga yunit milisya na maglunsad ng kanilang sariling anihilatibong aksyon sa kabila ng kanilang relatibong mahihinang armas. Ikinukwento ng mga kasama kina

Ka Tope na noong nagsisimula pa lamang daw sina Ka Che (Kasamang Romulo Jallores at ang mga naunang BHB sa Bikol) sa Camarines Sur, halos ilang pistolang .38 at mga itak lamang daw ang armas ng mga kasama. Pero gamit ang mga taktikang gerilya, naipagtatagumpay nila ang mga laban hanggang sa makapag-ipon na ng mahuhusay na baril.

Tiyak na magagawa rin ito ng mga yunit milisya. Kung tutuusin, sabi ng mga kasama, sa kasalukuyang bilang at tipo ng armas ng yunit milisya nina Ka Tope, kaya nilang magapi ang isang iskwad ng kaaway na armado ng mahuhusay na sandata. Taktikang gerilya pa rin ang gagamitin.

Malumanay pa rin ang boses ni Ka Tope sa umpukang iyon ng mga pultaym na hukbo at yunit milisya, at paisa-isa pa rin ang pagbitiw ng mga salita. *“Para gumaan ang mga gawain, kailangang magtulungan. Dapat gumampan tayo bilang kolektibo.”*

Malalaking igpaw ang pagsisikapang kamtin ng mga kolektibo nina Ka Tope at Ka Junee. At maaaring para kay Ka Tope, di maglalaon ay maibubulalas na niya ang mayamang karanasan sa pagiging milisya. Pero ngayon, kahit limitado lang ang kanyang mga salita, taglay ng kanyang mga pahayag ang determinasyon na tupdin ang kanilang papel sa pagkamit ng direksyon ng Partido. ★

Lingkod ng Sambayanan

Umaapaw sa lakas ng loob ang masa sa tuwing daratnan sila ng hukbong bayan na may mga bagong kasama. Kapamilya man o kaibigan, kababaryo man o dayo, ang pagdami ng mga nagsisipagsampa sa Bagong Hukbong Bayan ay nagbibigay sa masa ng ibayong sigla na abutin ang mga layunin ng rebolusyon, at nagpapatingkad sa katiyakan ng pagkamit ng mga tagumpay sa digmang bayan.

Mahigpit na kinakailangan ang pagpaparami ng bilang ng mga pulang mandirigma upang pumakat sa mga platun sa gawaing masa na kikilos sa bawat bayan, at upang punuan din ang mga pinauunlad na mga pormasyong bertikal. Ang papalaking bilang ng Bagong Hukbong Bayan ang pangunahing tutupad sa atas ng Partido na gawing largado ang pakikidigmang gerilya batay sa lumalawak at lumalalim na baseng masa upang abutin ang estratehikong pagkapatas sa malapit na hinaharap.

Ang mga bagong pultaym na ito ang karagdagang lakas sa puspusang pagsusulong ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo, at pagpapaunlad ng baseng masa. Inspirasyon sila sa milyun-milyong masa na mag-armas at palayain ang uring anakpawis sa pagsasamantala at pang-aapi.

Ka Raffy

Kung tutuusin, sa maraming taon nang pag-uuling ni Ka Raffy, maaaring ilang bayan na ang kanyang narating kung susukatin ang layo ng pagparoo't parito niya sa bundok upang pasanin pababa sa kalsada ang mga sako-sakong inuling.

Mula nang tumigil sa pag-aaral noong Grade 5 pa lang siya, tumutulong na si Ka Raffy sa magulang sa pag-uuling, pati na rin sa pagtrabaho sa kapirasong nyugan nila. Naging mas mahirap ang buhay at natuon na lang ang kanyang panahon sa pag-uuling nang maisanla ng kanyang ama ang lupa upang kagyat na matustusan ang mga pangangailangan nilang pitong magkakapatid.

Kinailangan nilang magdoble, magtriple ng pagsisikap dahil sa pagkakasanla ng kanilang lupa. Kaya naman sa loob ng isang buwan, halos tatlong beses mag-uling si Ka Raffy. Bawat pag-uling ay gumugugol ng aabot sa isang linggo. Ibig sabihin, ang tatlong pag-uling ay tatlong linggo ng ubos-kayang pagbanat ng katawan upang makalampas sa bawat araw ng kahirapan.

Apat na araw ang tinatrabaho ni Ka Raffy sa pagtutumba ng mga punongkahoy na maaaring ulingin, pagpuputol ng mga iyon sa ilang talampakan, paghahakot, pagsasalansan, at pagtitipon ng lupa upang ipang-tabon sa nakatambak na kahoy.

Matapos ang apat na araw ay dalawang maghapon at dalawang gabi naman niyang pagpupuyatan ang pagbabantay sa paggatong ng inuuling. Hindi maaaring magkaroon ng butas ang lupang nakatabon sa ginagatungan dahil kakalat ang apoy at matupok ang inuuling. Anumang pagkaligta ng nag-uuling ay nangangahulugan ng pagka-abo ng isang linggong pagod, gutom, at puyat.

Kapag mahusay ang pagkakagatong, umaabot sa 15 sako ang nauuling ni Ka Raffy. Ang labinlimang sako na ito ang kanyang babalik-balikang pasanin hanggang sa tabi ng kalsada. Magsisimula siya ng alas syete ng umaga at magtatagal hanggang ng alas syete din ng gabi. Inaabot si Ka Raffy ng ganito katagal dahil bawat pagpasan palusong mula sa bundok ay umaabot ng mahigit tatlong oras na lakad.

Mula nang mag-17, nagsasarili na siya sa pag-uuling. Ngunit sa kabila ng pagbubuhos ng panahon sa paghahanapbuhay, may inilalaan pa ring panahon si Ka Raffy para sa mga kasama. Nakapaloob siya sa GP Kabataan sa kanilang baryo, at aktibong dumadalo sa mga pagpupulong. Itinataon niyang nakapagdeliber na siya ng uling para naman kahit isa o dalawang araw bago ang sunod na pag-ahon sa bundok ay makagampan pa rin siya ng gawain para sa rebolusyon. Kaya't sa pagitan ng kanyang pag-uuling, nakakasama niya ang kanyang mga kaibigan, kapwa mga anak ng magsasaka, kapwa mga mag-uuling, upang mag-aral ng MKLRP, ng Espesyal na Kursong Masa, ng ARAK, at iba pang usaping panlipunan. Kasama niya sa grupo si Ka Jerome, ang kaibigan na hinikayat niyang sumabay sa kanya sa pagpultaym.

Ngayon ngang 20 taong gulang na si Ka Raffy at pumakat na sa hukbo bilang bagong pultaym na pulang mandirigma, namimihasa pa siya sa bagong buhay na tulad ng pag-uuling ay batbat din ng mga sakripisyo't kahirapan.

Hindi naging mahirap para kay Ka Raffy ang magpasyang yakapin ang armadong pagkilos para sa rebolusyon. Sa buong panahon ng kanyang kabataan ay nakaagapay ang mga kasama sa pagbibigay-paliwanag sa mga problema at usapin na nakakaharap niya bilang mag-uuling, bilang magsasaka.

Iminulat siya ng mga kasama sa labis na pagsasamantala sa mga mag-uuling. Sa kabila ng matinding pagod ay binabarat ang kanilang produkto. Sa bawat sako ng uling, 75 pesos lang ang bayad sa kaniya. Madalas pa silang hinuhuli dahil ipinagbabawal ang uling na mula sa kahoy. Pero saan sila pupunta?

Nakikipagsapalaran lang ang kanyang mga magulang sa pagkakabod ng ginto sa bundok. Wala silang lupang matatamnan dahil nakasanla ang kapirasong nyugan. Nakasanla ang lupa dahil sa kahirapan. Naghihirap sila, katulad ng kalakhan ng mamamayan, dahil kinakamkam ng dayuhan at ng mga naghaharing uri ang yaman ng bansa na dapat sana ay tinatamasa ng nakararami.

Iminulat siya ng mga kasama sa mapagpasyang solusyon sa kahirapan. Wala na ngang mas matuwid pang paraan sa paglutas sa problema ng masa kundi ang mag-armas at wasakin ang mapagsamantala at mapang-aping sistema.

Sa araw ng kanyang pagpultaym, hindi na nakapagpaalam si Ka Raffy sa kanyang mga magulang dahil nagtungo ang mga ito sa bundok para magkabod. Pero alam niyang hindi magiging mabigat sa loob ng ama't ina ang kanyang pagpultaym dahil batid ng mga ito na iyon na nga ang tunguhin ng kanilang anak. Dinatnan niyang naghihintay sina Ka Macmac, Ka JB, at iba pang pulang mandirigma sa bahay ng kanyang tiyuhin. Nauna nang dumating si Ka Jerome, ang kanyang kabarkada't kagrupo na hinikayat niyang sumabay na rin sa kanya sa pagpultaym. Muli siyang tinanong ni Ka Macmac kung gusto niya talagang magpultaym na agad naman niyang sinagot na *"Oo. Desidido ako."* Sa tiyuhin at tiyahin na lang nagpaalam si Ka Raffy, na wala namang pagtutol dahil tiwala ang mga ito sa kawastuhan ng kanyang pagdedesisyon.

Silang mga magulang ng mga pulang mandirigma – buong lugod nilang iniaalay ang kanilang mga anak at kapamilya para sa rebolusyon. Ang masipag at matulungin na anak, ang mapamaraan na pamangkin. Anumang pagkabagabag sa panahon ng pagpapaalam ay dulot ng pag-alala sa kaligtasan ng kasama at hindi sa pagsalungat sa pasya ng kanilang mga mahal sa buhay na magpultaym. Tanggap ng mga magulang ang sakripisyong susuungin ng buong pamilya. Mawawalan ng dagdag na lakas ang pamilya sa araw-araw na pagtawid sa kahirapan. Gayundin, ibayong hirap at sakripisyo ang susuungin ng kanilang anak o kapamilyang sasampa na sa hukbong bayan. Tanggap ng mga magulang ang kinakailangang sakripisyong ito.

Ngunit ang katumbas ay ang pagtubos sa kabuhayan ng masa. Sa kagyat, hindi na lamang isang Ka Raffy ang makakatulong sa pagtrabaho sa bukid, kundi ang buong platun na ng hukbong bayan ang katuwang sa paglutas sa pang araw-araw na mga suliranin sa kabuhayan. Sa loob ng ilang buwan, ang binuong mga kooperatibang sakahan sa mga baryo ay makakadugtong na rin sa pagtustos sa pamilya. At sa malayo pang hinaharap, isang lipunang masagana at makatarungan.

Si Ka Raffy at ang napakarami pang mga mahuhusay at mababait na anak ng bayan, sila man ay lumisan sa mga pamilya upang ialay ang angking sipag at talino para sa rebolusyon, nang sa gayon ay paglingkuran ang laksang pamilyang anakpawis. Ang kasibulan ng kanyang lakas na pinanday ng pagtrabaho sa pag-

uuling, ang husay sa pagkilala sa mga kabundukan, ang pagka-mapamamaraan na ibinunga ng kahirapan – lahat ng ito'y mga makabuluhang ambag sa pagsulong ng pagrerebolusyon ng masa.

Aapaw pa ang matatamong kaalaman at kahusayan ni Ka Raffy sa loob ng Bagong Hukbong Bayan. Sa loob ng ilang buwan ay higit niya pang napapalalim ang kalagayan ng lipunan at ang mga partikularidad ng mga inihahaing kalutasan ng rebolusyon. Ngayon nga'y ninanamnam niya ang ideya ng pagtransporma sa malalawak na tiwangwang na lupain upang gawing mga kooperatibang sakahan. Mas mahusay at pangmatagalan nga ang bentahe nito kumpara sa pag-uuling na sa malaon ay makapagpapabawas sa mga kakahuyan. Hindi na lamang hahayaang bakante ang mga pinag-ulingan kundi tatamnan ito ng mga gulayin.



Ngayon ay naipagpapatuloy na rin ni Ka Raffy ang naudlot na pag-aaral. Nakaprograma kasi sa platun ang pagpapaunlad ng literasiya at numerasiya ng mga kasama. Kailangang magpakahusay sa pagbasa, pagsulat, at pagkuwenta upang labanan ang kamangmangan na ipinataw ng kahirapan. Higit sa lahat para kay Ka Raffy, napagtutuunan niya na rin ng panahon ang pag-aaral sa kinahiligang paggigitara. Sa anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, nakatakdang magtanghal si Ka Raffy. Unang pagkakataon niya itong humarap sa maraming tao, at talaga namang kinakabahan siya. Pero mulat niyang nilalabanan ang hiya dahil aniya, para iyon sa lahat. Ang pag-awit ng mga rebolusyonaryong kanta, ang pagtugtog ng rebolusyonaryong musika, ay isang paraan lamang sa mayamang kaban ng hukbong bayan sa pagpapamulat sa masa. Tiyak ding ang hilig ni Ka Raffy sa paggitara ay makatutulong sa pag-oorganisa ng mga kasama. Paano nga ba niya kukumbinsihin ang mga kapwa kabataan? Simple lang ang sasabihin ni Ka Raffy: *"Magpultaym kamo para makatabang sa rebolusyon."*

Kaakibat ng pagkamit ng bagong mga kaalaman at kahusayan ay ang pagsuong ng Bagong Hukbong Bayan sa mga sakripisyo't kahirapang kakambal na ng paglilingkod sa sambayanan. Nang siya ay magpultaym, antisipado na ni Ka Raffy ang mahahabang lakaran, ang mabibigat na dalahin, ang mga gabing puyat, ngunit ang mga ito'y pangkaraniwan na sa kanya. Ang mas pinaghandaan niya ay ang sakripisyo sa pagpapaloob sa mulat na disiplina, ang mahigpit na pagsunod sa mga patakaran, ang pagpipino ng mga gawi, dahil batid ni Ka Raffy na ang pulang hukbo ay ang hukbo ng masa laban sa mga mapagsamantala't mapang-api. Lahat ng nararapat gawin ay kailangang isapuso upang manatiling minamahal ng masa at handa sa pakikipaglaban sa kaaway.

Ngayon nga, ang bagong pultaym at dating mag-uuling na si Ka Raffy, 20 taong gulang, anak ng mga maralitang magsasaka, ay kinakabisa pa rin ang buhay-hukbo na tulad ng pag-uuling ay batbat din ng mga sakripisyo't kahirapan, ngunit may katiyakan ng matiwasay na bukas. ★

Ka Jerome

Pistolang kalibre .38 ang panimulang isyung armas ni Ka Jerome. Sinabi nga ng kanyang mga ka-grupo noong hindi pa siya pultaym, na sa mga bagong sampa daw sa hukbo, kung hindi trenta'y otso, kwarenta y singko ang pinapahawakan. Kung minsan nga daw ay sundang lang ang sukbit ng mga bagong pultaym, at pinapagbitbit ng kaldero.

Nasasagap lang nila ang mga kwento-kwentong ito tungkol sa unang mga karanasan ng mga kasama bilang mga pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Pero ngayon, sa platun na kinatalagahan, malalim na ang pagkakaunawa ni Ka Jerome tungkol sa bagay na ito. Ang disposisyon ng baril ay batay sa kung ano ang naririyan na epektibong magagamit ng mga kasama, at higit na mahalaga, batay sa pagiging responsable ng kasama sa paghawak ng baril. At lahat naman sa platun ay may kani-kanyang nakatalagang dalahin – ang ilan ay nakatoka sa pagdadala ng mga eksplo, ang ilan ay sa mga dokumento at gamit pang-edukasyon, at meron ding nakatalaga sa pagdadala ng mga gamit medikal, gamit kusina, at iba pa.

Ang sari-saring dalahin ng mga kasama ay nangangahulugan lamang ng napakaraming tungkulin na pinapasan ng hukbong bayan. At binubuod ito ni Ka Jerome sa kanyang matipid na pananalita: "*Pagtabang sa kasaraditan ang pagkakabisto ko sa NPA.*" Naglalakad nang malayo, naglalakad nang gabi. Naglulunsad ng opensiba, minsa'y umiiwas sa sakyada. Nagbibigay edukasyon, nag-aaral. Nagbubunot ng ngipin, tumutulong sa mga gawain sa bukid. Nagbubuo ng mga samahan sa baryo, nakikisalamuha sa masa. Napakaraming gawain ng mga kasama, pero iisa lang ang kahulugan nito para kay Ka Jerome. Pagtulong sa mahihirap ang pagkakakilala niya sa Bagong Hukbong Bayan.

Kaya matapos ang pyesta sa kanilang baryo noong huling linggo ng Enero 2012, si Ka Jerome, nagmula sa pamilya ng maralitang magsasaka, ay buong-loob na nagregrup sa yunit nina Ka Mac-mac. Kasabay niya sa pagpultaym ang kanyang kaibigan at ka-grupo sa GP Kabataan na si Ka Raffy. "*Masabay na kita sa mga kasama! Para makatabang.*" Tunay nga, ang Bagong Hukbong Bayan ang masusulingan ng masa upang tulungan ang kapwa nila anakpawis. Kaya't nito ngang Enero 29, 2012, dala ang ilang piraso ng kanyang pinakamaaayos na damit, at taglay ang diwa ng buong-panahong paglilingkod sa sambayanan, sumampa na si Ka Jerome sa Bagong Hukbong Bayan.

Si Ka Jerome, anak ng magsasaka, ay isa na ngayon sa laksang kabataan sa mga kanayunan ng Bikol na nagsisipag-pultaym sa Bagong Hukbong Bayan. Sa platun na kinapapalooban ni Ka Jerome, lima silang bagong pultaym. Ang karagdagang bilang ng mga pulang mandirigma ay mag-aambag ng malaki sa pagsulong ng platun upang isakatuparan ang programa ng Komiteng Seksyon sa saklaw na teritoryo. Halos dalawang magkatabing bayan sa isang distrito ng Camarines Sur ang kinikilusan ng platun nina Ka Jerome. Mahigpit ang pangangailangan na mapangahas na iabante ang mga gawain hindi lamang sa pagkokonsolida ng rebolusyonaryong lakas ng mamamayan sa erya, kundi upang sa malapit na hinaharap ay makapagbuo ng isa pang hiwalay na larangang gerilya sa distritong iyon. Nagpultaym si Ka Jerome sa panahong nag-

iibayo ang sigla ng rebolusyonaryong kilusan sa Bikol upang tupdin ang mga rekisitos sa pagkakamit ng estratehikong pagkapatas ng digmang bayan.

Ibig sabihin, mapapasabak agad si Ka Jerome sa gawaing pag-oorganisa upang pakilusin ang kapwa niya anakpawis at higit pang dumami ang katulad niyang magpupultaym sa hukbong bayan. Hindi mahirap para sa kanya ang pagpaliwanag sa kapwa kabataan tungkol sa katangian ng mga kasama, kahit pa mahiyain siya at madalas na tahimik. Ang pagpo-propaganda ay madalas na idinadaan niya sa kasipagan sa mga gawaing bahay sa base. Tahimik niyang inilulusong nang pasan-pasan ang malaking katawan ng natuyong puno mula sa kaingin upang gawing panggatong. Pagkatapos magsibak ay babalikan niya ang natitira pang mga bahagi ng kanyang nilagaring punongkahoy. Kapag naisalansan na ang mga panggatong sa dapog ay malumanay niyang hihiramin ang gitara sa kasamang nangangasiwa sa kusina at pag-aaralang tugtugin ang kantang *Anak ng Bayan*.

Gayunpaman, batid ni Ka Jerome na kailangan niyang pangibabawan ang pagiging mahiyain upang mapag-ibayo ang pagpapa-unawa sa masa ng pangangailangan sa pagrerebolusyon. Banggit niya, pwede siyang makahalaw ng mga ideyang pampropaganda mula sa mga natutunan niya sa MKLRP, Eskum, at ARAK. At kapag kailangang isalarawan ang malubhang krisis sa kabuhayan na dinaranas ng masa, lagi't lagi na rin niyang maaaring gamiting halimbawa ang sarili mismong karanasan na karaniwang-karaniwan sa mga magsasaka: Dahil sa hirap ng buhay ay hindi na siya nakapagtapos ng elementarya. Panganay siya sa walong magkakapatid kaya't sa murang gulang na katorse ay nagtrabaho na siya sa Naga City bilang hardinero sa isang tindahan ng mga pandispley na mga halaman. Tanging pag-uuling at pagpapa*tandan* sa bukid ang ikinabubuhay ng kanilang pamilya dahil ang maliit na nyugan ng kanyang ama ay naisanla dahil sa kagipitan.

Minsan nang nabanggit ni Ka Jerome na kapag nakadaang muli ang platun sa kanilang baryo, kakausapin niya ang kanyang mga kagrupo, kukumustahin ang kanilang programa sa pagpapapultaym, at sasabihing *"Dakul ang manunûdan digdi sa kasama, dakul ang madudumanan na lugar, dakul ang matatabangan."* Pero agad niya namang pakli, kahit pala saanmang baryo ay maaari niya pa ring sabihin ang gayon sa mga masa at kabataang kanyang nakakakuwentuhan.

Bagama't kung tutuusin, totoong sa loob pa lamang ng ilang buwan sa hukbo ay marami na siyang mabubuting bagay na natutunan, na ayon sa kanya ay hindi matutumbasan ng ilang buwan sa buhay-sibilyan. At maraming baryo na nga ang naabot niya at ilang bayan na ang natawid. Siyempre pa, lahat ng mga tagumpay at sakripisyong dinaanan niya ay pawang nakatuon sa pagtulong sa malawak na mamamayan.

Kaakibat na nga ang pagharap ni Ka Jerome sa mga sakripisyo't kahirapan sa pagpultaym niya sa hukbo. Ang mahahabang lakaran at mabibigat na dalahin ay madaling napapangibabawan, dahil agad din lang aniyang lumilipas ang pisikal na pagod matapos ang ilang oras na pahinga. Pero ang mas mabigat na

nakakaharap niya ay ang *pûngaw.* Madalas siyang dalawin ng pangungulila lalo't sa mga panahong nakatalaga siya sa postehan. Naiisip niya ang kanyang nanay na alalang-alala at umiiyak nang magpaalam siyang magpupultaym na. Ang kanyang mga kapatid na pawang maliliit pa. Ang kanyang tatay, naaalala niya rin nang huli silang magkita upang magpaalam, ang tanging nasambit nito sa kanya ay ang mag-ingat. Alam niyang tanggap at unawa ng kanyang tatay ang kanyang desisyon dahil ito ay nasa grupo rin ng mga magsasaka sa baryo. Gayunpaman, hindi maalis kay Ka Jerome ang tuwinang pangungulila sa kanyang mga mahal sa buhay. Maging ang mga kagrupo sa GP Kabataan ay kinasasabikan niya ring makita. Ang dating mahigit sampu ay ilan na kaya ngayong nagpultaym na sila ni Ka Raffy? Ang mga ka-grupo niya ang kanyang mabubuting kaibigan sa baryo, kasa-kasama sa mga pagtitipon na ipinapatawag ng mga kasama, kasa-kasama sa mga pag-aaral, sa mga rali, maging sa pakikipagsayahan tuwing may pyesta.

Paano nga ba hinaharap ni Ka Jerome ang ganitong mga sitwasyon ng pangungulila? Katwiran ni Ka Jerome, ang mga pyesta at kasiyahan sa baryo ay lumilipas din lang. Kinabukasan matapos ang pagdiriwang, balik na naman sa pagharap sa krisis ang buong baryo. Iyon ang mas mahalagang ginagawa niya ngayon sa hukbo – ang maghanap ng pangmatagalang solusyon sa kahirapan. Ang kanyang pamilya, nabawasan man ng makakatulong sa pag-uuling at pagpapa*tandan* ngayong pultaym na siya, ay tiyak namang pinangangasiwaan ng mga kasama sa baryo upang tulungan ng mga ka-grupo ang kanyang tatay sa GP Magsasaka. Simple lang ang pormula ni Ka Jerome kapag dinadalaw ng pangungulila: Dokumento at pakikipagtalakayan sa mga kasama. *"Nagbabasa. Nakikiistoryahan sa mga kasama para malibang."* Sa postehan man o sa kusina, laging nariyan ang mga kakolektibo ni Ka Jerome sa platun upang damayan siya sa pagharap sa mga sakripisyong kaakibat ng paglilingkod sa sambayanan.

Ilang buwan na rin ang nakalipas mula nang magpasya si Ka Jerome na magpultaym. Ngayon ay aktibo siya sa mga pangkulturang pagtatanghal ng hukbo. At matapos ang pulong ng Komiteng Seksyon, sa kanya na idinisposisyon ang M14. Batid ng mga responsableng kasama sa platun na kahit maliit ang pangangatawan ni Ka Jerome ay kaya niyang balikatin ang riple, maging ang iba pang mga tungkulin. Masasabi niyang ngayon ay higit pa siyang pursigido sa pagkilos sa hukbo kumpara noong Enero. At dahil nariyan palagi ang pag-agapay ni Ka Mac-mac at ng mga kakolektibo, nakikinita na niya ang pag-unlad pang aabutin ng kanyang sarili, ng platun, ng kanilang erya, at ng buong takbo ng digmang bayan. ★

Ka Tin Tin

"Nung nasa kabataan pa ako, naging timlider ako ng grupo namin. Matagal ko nang gustong mag-FT sa Hukbo. Kaya lang ang sabi sa akin noon, hindi pa pwede dahil wala pa ako sa tamang edad. Sina Papa at Mama kasi organisado rin. Madalas ding binabasehan ng Hukbo ang bahay namin. Kaya, madali na sa aming magkakapatid ang mamulat at pumaloob sa organisasyon."

Si Ka Tin-tin. Babaeng mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Mahigit nang dalawang taong pultaym sa Hukbo. Isa sa pinapanday na mga bagong sibol na lider sa yunit na kinapapalooban niya. Sinasanay siyang maging Giyang Pampulitika at sa kasalukuyan ay gumagampan din ng tungkulin bilang S4 sa yunit.

Aniya, madali lang namang kayanin ang mga sakripisyong kinakaharap ng isang Hukbo. "Ang pagod kasi, nawawala lang naman matapos makapagpahinga. Ang lungkot dahil hindi nakikita ang pamilya ay natutumbasan naman ng giliw na nararamdaman sa pakikisalamuha sa masa at kapwa kasama. Ang kailangan lang naman ay ang pagiging pursigido ng bawat kasama at ang matatag na paghawak sa kapasyahang mag-pultaym sa Hukbo. Sa bahagi ko, madalas dinadaan ko na lang sa tawa at masiglang pakikipagtalakayan kapag inaabot din naman ako ng krisis sa paninindigan. Ayoko kasing mangyari na pagkatapos kong magdesisyon na mag-pultaym, ay basta na lang akong susuko at uuwi kapag may kinakaharap na mga suliranin. Madalas kasi yun ang nagiging problema ng mga bagong pultaymer, kung paano nila malalampasan yung panahong kailangan nilang matutong umangkop sa kalagayan, sa sakripisyo ng pagiging Hukbo. Kaya ako, madalas, ang ginagawa ko na lang, nagbabasa ako ng dokumento. O kaya dahil andyan naman ang masa sa palibot natin, di hamak na mas produktibo ang mga oras kapag nakikipagtalakayan ka sa kanila kesa sa hinahayaan nating mangibabaw ang *pûngaw,* o ang kung anu-anong di rebolusyonaryong kaisipan na nagtutulak sa atin na umuwi. Masaya na ako kapag naririnig ko ang mga kabataan sa baryo na tinatawag akong *Ate* at masigla silang nakikinig sa mga paggabay ko at ng mga kasama. Ibig sabihin, tinuturing na nila kami, bilang mga kasama, na hindi na iba sa kanila.

Mahalaga yung pagiging malapit sa masa. Laluna sa mga tulad ko ring kabataan. Madaling makahikayat sa mga tulad ko na mag-pultaym kapag nakikita rin nilang may mga kabataang mandirigma sa Hukbo. Sabi nga ng dokumento, ang kabataan ay tulad ng araw sa oras na mataas ang kasikatan nito. Ibig sabihin, dahil sa edad namin, malakas pa ang aming pangangatawan at masigla ang aming isipan, kaya't mahabang panahon pa ang maaari naming iambag upang isulong ang rebolusyon."

Naranasan na rin ni Ka Tin-tin ang magtrabaho sa syudad noong disisais anyos pa lang siya. Doon niya napraktika na kahit anong pagsusumikap, hindi pa rin kayang igpawan ang krisis na kinasasadlakan ng mga tulad niyang maralita. "Wala namang inabot na kaginhawahan kahit halos magpaalipin na ako doon sa

pinapasukan ko, pagkukwento ni Ka Tin-tin. Ganito ang madalas na masaklap na kapalaran naming mga kabataan sa kanayunan. Hindi halos makatapos ng hayskul, at sa murang edad ay naoobliga nang magtrabaho. Tulad ko, nakipagsapalaran ako sa Maynila. Hindi pabayang magulang sina Papa, pero dahil sa matinding kahirapan, wala naman silang maitustos para makapag-aral pa ako. Gustung-gusto ko sanang mag-aral. Sino ba naman ang ayaw."

Gustong maigpawan ni Ka Tin-tin ang kamangmangan na nagtatali sa mga tulad niyang kabataan sa isang walang pag-asang kinabukasan.

"Kaya pagbalik ko sa lugar namin, doon mas naging malinaw sa akin yung nakalagay sa mga dokumentong pinag-aralan namin noong nasa grupo pa ako ng kabataan, laluna yung bahaging bakit naghihirap ang sambayanang Pilipino. Mula noon, naging mas malinaw rin sa bahagi ko na andito sa Hukbo ang pag-asa naming mga kabataan. Dito, nag-aaral kami. Libre. At ang mga pinag-aaralan namin ay makatotohanan. Maliban pa, kami mismo ay nabibigyang pagkakataon upang isapraktika ang mga pinag-aaralan namin para tulungan ang pamilya namin, ang mga tulad naming inaapi. Yun at yun lagi ang isinasaisip ko kapag nakakaramdam din ako ng panghihina ng loob. Na ang ginagawa ko ay hindi lang para sa akin o kaya sa pamilya kong maralitang magsasaka, kundi higit pa, para ito sa lahat ng tulad naming magsasaka na pinahihirapan ng mala-pyudal at mala-kolonyal na sistema.



Malinaw sa mga pinag-aralan na namin na wala namang ibang magpapalaya sa mga kauri ko kundi kami rin mismo, at ang paghawak ng armas ang isa sa pinakamataas na tungkulin namin. Laluna ng mga tulad kong anak ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan."

Mahalaga ang partisipasyon ng kababaihan sa pagsusulong ng rebolusyon at sa tuwirang paglahok dito. Batid yun ni Ka Tin-tin. Para sa kanya, napakataas ng pagrespeto niya sa kasamang babae noon na nag-organisa sa kanila sa grupo ng kabataan. Tandang-tanda niya pa na si Ka Kyla ang unang naghikayat sa kanyang mag-pultaym pagtuntong niya sa tamang edad. Bilib na bilib siya sa kasamang yun dahil bukod sa mahusay nang magbigay ng pag-aaral, alam niyang responsableng kasama rin sa yunit ng Hukbo. At bagama't napakapayat ng pangangatawan ng kasama, hindi sumusuko sa malalayong lakaran habang may pasan na mabigat na bakpak at baril. Nung hindi pa siya pultaym, isinasama siya ni Ka Kyla sa pagpapatipon ng mga oorganisahing taumbaryo sa kanilang lugar. Dahil kabisado niya ang lugar, siya noon ang nagsisilbing giya nina Ka Kyla at maging sa pagkilala sa mga tao sa baryo. Kaya kahit nalipat na ng lugar na kinikilusan si Ka Kyla, para kay Ka Tin-tin isang napakagandang halimbawa sa kanya ang kasamang iyon kung paano ang maging matatag na babaeng pulang mandirigma.

"Hindi hadlang ang pagiging babae sa paggampan ng mga gawain sa Hukbo. Hamon pa nga yun sa mga tulad kong babaeng mandirigma kung paano babaklasin ang burges at pyudal na pagtingin na mahina ang

kababaihan at mababa ang katayuan sa lipunan. Dito sa Hukbo, ibinibigay ang pagkakataon sa kababaihan na maging bahagi ng kilusan na magpapalaya hindi lang sa buong lipunan kundi sa lahat ng kababaihan mula sa nararanasan nitong diskriminasyon." "Kaya para sa akin," patuloy ni Ka Tin-tin, "mas maraming kababaihan pa ang dapat na sumampa sa Hukbo upang mag-ambag din ng kanilang lakas at galing sa pagsusulong ng rebolusyon. Hindi tayo dapat nagpapatali sa atrasadong pagtingin na hindi natin kaya."

Napakaraming pultaymer ang kailangan ng Hukbo upang maisakatuparan nito ang mga tungkulin sa pagpapataas ng yugto ng digmang bayan. "Paulit-ulit na tinatalakay sa amin sa yunit ang pagkamit ng rekisitos upang sumulong na tayo sa estratehikong pagkapatas," banggit pa ni Ka Tin-tin. "Kung kaya, ngayon higit kailanman, ang mga tulad kong mga kabataan at maging ang mga kababaihang nakakaranas ng pang-aapi at pagsasamantala ay may tungkuling humawak ng armas, magpakahusay bilang mandirigma ng Hukbo, at hindi dapat magdalawang isip sa pag-aalay ng buong panahon at buhay bilang mga pulang mandirigma ng sambayanan." ★

Ka Nik

"Maglilimang buwan na ako rito sa erya, mula nang mailipat ako."

Bagong pultaymer si Ka Nik. Kagyat matapos siyang sumampa sa Hukbo, inilipat siya ng eryang kinikilusan mula sa sarili niyang lugar.

"Malaking kalaban ng mga tulad kong nalilipat yung paninibago sa erya. Hindi pamilyar ang tereyn, ang lenggwahe at ang masang nakakasalamuha. Maging ang mga kakolektibo ay bago rin. Malaki talaga ang pag-igpaw na kailangang gawin sa sarili upang makaangkop sa bagong disposisyon. Pero, para sa akin, hangga't handang umangkop sa anumang pagbabago ang isang kasama, ang lahat ng kahirapan ay sa simula lang yan," nakangiting paglalahad ni Ka Nik.

"Aaminin ko noong una, ang isa sa pinakamahirap sa akin ay ang pagkabisa ng tereyn dito. Hindi simple ang mga bundok at kagubatang kailangang bagtasin kumpara sa pinanggalingan ko. Doon, kahit saan mo ako isiksik, kabisado ko. Dito, bukod sa bago sa akin ang lugar, mas mahirap pang kabisahin at lakarin dahil sa katangian nito. Pero magkaganun man, hindi ako nagsasawang makipagtalakayan sa mga datihang kasama rito. Lagi akong nagtatanong, at nagsisikap talaga akong pag-aralan at tandaan ang kalupaan ng lugar. Ilang buwan pa, tiyak mas kabisado ko na rito."

Malaki ang kumpyansa ni Ka Nik na makakabisa at makakaangkop din siya sa kanyang bagong erya dahil damang dama niya ang pagkalinga ng masa sa mga kasama. Anumang oras na kailangan nila ng giya, ang taumbaryo mismo ang kumikilos upang itawid sila sa mga kagubatan at bundok, at iiwas sila sa kapahamakan sa tuwing may kilos ang kaaway.

Umasa sa masa. Kahit saang lugar o erya man makarating, ito ang dapat na laging isaisip. Ito rin ang laging nakatimo kay Ka Nik. Dito sa kanyang bagong erya, bukas-palad na ibinabahagi ng masa sa kasama ang anumang mayroon sila. Mula sa mga *duma* na pantawid gutom hanggang sa mga payak nilang tahanan na siyang sinisilungan ng Hukbo matapos ang maghapong gawain. "Tumpak ang sabi sa akin ng mga kasama bago ako inilipat," banggit ni Ka Nik. "Saan man ako maidispusisyon, iisa ang ating prinsipyo at rebolusyong isinusulong. At ang bitbit nating prinsipyo ang siyang magtitiyak na kahit baguhan ka sa lugar, hindi magiging mahirap ang iyong pag-ugat sa hanay ng masa bilang isang rebolusyonaryo."

Naranasan ni Ka Nik sa kanyang bagong erya ang magbigay ng pag-aaral na halos nababaluktot ang kanyang dila sa paggamit ng lokal na lenggwahe upang makapagpaliwanag sa masa. Natawa na lang siya, maging ang mga estudyante niyang magsasaka. Pero kahit ganun, *payt* pa rin. Mismong ang mga estudyante na niya ang tumutulong upang mas klaro niyang maipaliwanag ang ibig niyang sabihin. Tumulong din ang iba niyang kakolektibo ngunit mas siya ang pinabwelo sa pagbibigay ng pag-aaral bilang pagsasanay sa kanya.

"Ang mga bagong kakolektibo ko ay wala ring sawa sa paggabay at pag-alalay sa akin, laluna sa mga gawain," kwento pa ni Ka Nik. "Anuman ang kakayahan at kakulangan ko dahil baguhan, pinupunuan at pinapanday ito ng mga kasama upang umunlad pa. Lagi akong nakikipagtalakayan at lagi akong nakikinig sa mga payo ng mga kasama. Ang pagiging bukas na matuto sa kapwa ko kasama, at maging sa masa, ang isang bagay na nakakatulong din sa akin upang mas mabilis na masanay sa bagong erya. Hindi ko binabalewala ang mga tagubilin ng mga kasamang mas makaranasan sa lugar na ito. Kahit sa mga PPS, lagi kong isinasaisip na anuman ang mga puna na ipaabot sa akin ng kolektibo, ang tanging layunin nun ay kung paano pa pahuhusayin ang aking kaalaman, at kung paano pa pupunuan ang aking mga kakulangan, lalupa't napakarami pa talaga ang kailangan kong malaman.

Sa mga panahong may kilos ng kaaway, inaamin ko na may kaba akong nararamdaman. Hindi ko kabisado ang lugar. Paano kung sa gitna ng labanan, mapahiwalay ako sa mga kasama," nahihiyang pag-amin ni Ka Nik. "Pero batay naman sa araw-araw naming *briping,* laging tinatalakay ng CO namin ang depensa at maniobra ng yunit, sakali man. At laging sinasabi sa amin na sa gipit na kalagayan, ang unang pakikinggan ay ang mando. At saka kumilos, batay rito. Kapag kinakabahan ako yun lagi ang iniisip ko. Alam ko namang hindi ako pababayaan ng mga kasama. Biniro nga ako ng CO namin, ang sabi niya, kung ayaw ko raw mapahiwalay, e di wag akong magmaniobra ng hiwalay. Tama nga naman," natatawang kwento ni Ka Nik.

Bagama't sumasagi sa isipan ni Ka Nik ang lugar na pinanggalingan, sapat na ang mainit na pagtanggap ng masa sa erya, at ang pagtupad sa mga hamon ng gawain katuwang ang kanyang bagong kolektibo, upang pangibabawan ang anumang agam-agam na kanyang nararamdaman. "Dati naisip ko rin na bakit

kailangan pa akong ilipat. Pwede namang kumilos ako sa sarili kong lugar," patuloy pa ni Ka Nik. "Pero nang andito na ako, mas naging malinaw para sa akin ang pangangailangan ng gawain kung kaya ako inilipat. Ito kasing eryang ito, napakalawak pa ng kailangang ikonsolida. Kailangan talaga rito ng dagdag na lakas-tauhan ng Hukbo upang gumampan ng mga gawain. Kung kailangan ako sa lugar namin, mas kailangan ang mga tulad kong Hukbo sa lugar na ito. Noong inilipat ako, sumusunod lang ako noon sa atas ng organisasyon kaya ako tumupad. Pero ngayon, higit na lumalim ang pag-unawa ko kung bakit ako idinispusisyon sa lugar na ito.

Bilang Hukbo, ang pangangailangan ng gawain ang nagpapasya kung saan tayo itinatakda. At ang organisasyon ang mas masaklaw na nakakakita nito. Kaya't tungkulin nating tumupad kung saanman tayo ilipat. Para sa akin, ito rin ang ibig sabihin ng buong panahong pagsampa sa Bagong Hukbong Bayan, ang buu-buong pagpapailalim ng iyong sarili sa organisasyon upang tumupad ng mga gawain na walang pinipiling lugar." ★

M	A	T	A	G	A	L	A	N	F	U	K
A	A	T	I	N	X	I	O	S	N	N	A
L	B	U	D	A	L	U	T	L	A	D	E
A	O	W	R	H	E	B	N	A	R	K	Y
P	K	I	C	U	A	G	M	K	U	A	A
Y	B	R	A	Y	R	G	O	A	S	N	B
U	U	A	A	A	I	L	E	S	N	A	A
D	K	N	Q	D	O	F	V	A	U	Y	G
A	G	G	H	N	T	B	H	M	L	U	A
L	A	B	Y	E	J	Y	E	U	A	N	M
W	P	A	A	L	U	M	I	S	K	A	U
S	P	R	I	N	S	I	P	Y	O	N	G

Hanapin ang mga sagot sa mga nakakahong letra sa taas. Maaaring pataas, pababa, pahalang o dayagonal ang pagkaka-ayos ng mga letra ng bawat sagot.

1. Gumagapos sa leeg. (9 na letra)
2. Direktang sakop. (8 na letra) kolonya
3. Kumpletuhin: *Ang* (6 na letra) *inapi ngayo'y nakatindig…*
4. Sistemang pang-ekonomya ng Pilipinas. (10 na letra)
5. Sakop. (7 na letra)
6. Pareho. (5 na letra)
7. Kabaliktaran ng mabilisan. (9 na letra)
8. Kolonyalista. (8 na letra) mananakop
9. Kumpletuhin: *Ang lupang 'to'y sa* (4 na letra)*, sa 'yo at sa kanya…*
10. Gera. (7 na letra)
11. Kumpletuhin: *…handang lumaban magpakailanman/pagkat mulat sa* (11 na letra) *kanyang ipinaglalaban…*
12. Kabaliktaran ng kanayunan. (10 na letra)
13. Gumigiya. (9 na letra)
14. Kumpletuhin: *Kubkubin ang kalunsuran mula sa* (9 na letra).
15. Una. (6 na letra)
16. Pag-ensirkulo. (9 na letra)

Isaayos ang mga sagot sa taas upang mabuo ang saknong ng kanta.

Ang _____ _____ *sa* _____
Katangia'y _____
At di _____ _____
Ng _____ _____
_____ *ang* _____
Ang _____ _____
Sa _____ *ang* _____
_____ *sa* _____.

Milisya

Reyd sa MAOT PDT

Abril 29, 2012
Maot, Labo, CamNorte

MARTSA

MILISYA

ASOLT

TAGUMPAY!

PLANO

www.isnayp.blogspot.com

KALOY

ABANTE

ABE

DRY-RUN



BAKING

PINAL NA BRIEFING